## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa kaligtasan at regalong kapatawaran na natanggap mo. Hingin sa Kanya ang kakayahan upang patuloy na magpatawad sa mga tao at ibahagi sa kanila ang kaligtasan na nais Niyang ibigay sa kanila.
- Pasalamatan ang Diyos sa pagbubukas ng iyong mga mata upang maunawaan ang Kasulatan. Hingin sa Kanya ang lakas ng loob at mga salitang maaari mong sabihin habang tinutulungan mo ang iba na maintindihan din ito.
- Hingin sa Diyos na patuloy kang hubugin upang maging tulad ni Cristo. Ipanalangin na magbukas ito ng mga pagkakataon upang maibahagi mo sa iba ang pagbabago na ginawa ni Cristo sa buhay mo.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

a new hope

# Linggo ng Muling Pagkabuhay

WEEK 2

## WARM-UP

- Ibahagi ang isang pagkakataon na nag-alaga ka ng isang hayop. Kamusta ang naging karanasan mo dito?
- Magkuwento ng isang pagkakataon na kinailangan mong gumamit ng isang *gadget* o *appliance* na akala mo ay sira na, ngunit gumagana pa pla. Ano ang nangyari?
- Naranasan mo na bang mabigyan ng ikalawang pagkakataon? Magkuwento tungkol dito.

## WORD

*[5]At dahil sa takot, napayuko sila sa lupa. Tinanong sila ng mga lalaki, "Bakit ninyo hinahanap ang buhay dito sa mga patay? [6]Wala na siya rito. Nabuhay siyang muli!"*
**LUCAS 24:5,6**

(Basahin din ang **1 CORINTO 15:17.**)

Noong Linggo ng Palaspas, si Jesus ay malugod na tinanggap papasok sa Jerusalem bilang isang tunay na Hari. Matapos ang isang linggo, Siya ay ipinako sa krus at namatay sa pamamagitan ng isang nakapanlulumong paraan ng kamatayan. Tatlong araw matapos Siya ipako sa krus, nabuhay Siyang muli at nagpakita sa kanyang mga disipulo bago Siya umakyat sa langit. Ano ang kahalagahan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo? Kung wala ang muling pagkabuhay, wala ring pag-asa. Ang kamatayan ni Jesus ay walang saysay. Siya ay mananatili lamang na isang taong may magandang pangitain at isang marunong na guro na namatay. Ang kamatayan ni Jesus ang tumugon sa hustisya ng Diyos, subalit ang Kanyang muling pagkabuhay ang nagbibigay sa atin ng kakayahan na maipangaral ang magandang balita at makapaghatid ng pag-asa sa iba. Ito ang kagalakan na mayroon tayo sa muling pagkabuhay. Ano ang tatlong katotohanan tungkol sa paghihirap, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus?

## 1 Ang mga ito ay naisulat na noon pa sa Kasulatan.

*[44]Pagkatapos, sinabi niya sa kanila, "Sinabi ko na sa inyo noong magkasama pa tayo na kailangang matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin sa Kautusan ni Moises, sa mga isinulat ng mga propeta at sa mga Salmo." [45]At binuksan ni Jesus ang isip nila upang maunawaan nila ang Kasulatan.* **LUCAS 24:44,45**

Ang paghihirap, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus ay hindi isang aksidente. Sila ay itinalaga ng Diyos. Ang plano ng Diyos ay higit na mas maganda kaysa sa ating mga plano, at bagama't ang ipinangakong Hari ay hindi ayon sa inaasahan ng lahat at kailangan munang itakwil at pahirapan bago umakyat sa langit, binuksan Niya ang pag-iisip ng Kanyang mga disipulo upang *maunawaan nila ang Kasulatan*. Gaya nito, ang Diyos ay may mga plano at pangako para sa atin na Kanyang tutuparin, at maaari Niya itong gawin sa paraang hindi natin inaasahan. Bubuksan din ng Diyos ang ating mga isipan upang maunawaan ang Kanyang Salita at ang mga aral na itinuturo Niya sa atin. Paano tayo dapat tumugon sa mga bagay na hindi natin maintindihan? Ano ang sinasabi ng Isaias 55:8,9 tungkol sa mga kaisipan at pamamaraan ng Diyos?

## 2 Ang mga ito ay para sa kapatawaran ng kasalanan.

*[46]Sinabi niya sa kanila, "Ayon sa Kasulatan, kailangang magtiis ng hirap at mamatay ang Cristo ngunit muling mabubuhay sa ikatlong araw. [47]At dapat ipangaral sa buong mundo, mula sa Jerusalem, na sa pamamagitan niya'y patatawarin ng Diyos ang nagsisisi sa kanilang mga kasalanan."* **LUCAS 24:46,47**

Matapos mabuksan ang isipan ng mga disipulo upang maunawaan ang Kasulatan, inulit sa kanila ni Jesus ang mga nangyayari sa kanilang paligid. Nakita lamang nila ito noong binuksan na ni Jesus ang kanilang mga mata. Ginawang malinaw ni Jesus sa kanila na dahil sa Kanyang muling pagkabuhay, ang mga tao ay maaari nang magsisi at ang kanilang mga kasalanan ay mapapatawad sa pangalan ni Jesus. Si Jesus ay namatay at muling nabuhay upang ang lahat ng ating mga kasalanan ay mapatawad. Paano nito binago ang paraan mo ng pamumuhay?

## 3 Ang mga ito ay dapat na maipahayag sa lahat ng bayan.

*[47]At dapat ipangaral sa buong mundo, mula sa Jerusalem, na sa pamamagitan niya'y patatawarin ng Diyos ang nagsisisi sa kanilang mga kasalanan. [48]Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito."* **LUCAS 24:47,48**

Matapos ang Kanyang muling pagkabuhay, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na ang kapatawaran ng kasalanan sa Kanyang pangalan ay *dapat ipangaral sa buong mundo*. Hindi lamang sa mga Judio, kundi sa lahat ng bayan. Ngayong ibinigay na sa atin ang bagong pag-asa, ang regalong kapatawaran ng kasalanan, dapat natin itong ipahayag sa lahat ng bansa at maging sa ating mga komunidad. Sa pangalan ni Jesus, ang sinuman ay maaaring magsisi at makatanggap ng kapatawaran. Paano mo ipinapangaral ang magandang balitang ito sa iyong komunidad?

## APPLICATION

- Nais mo bang tanggapin ang regalong kapatawaran ng kasalanan na ibinibigay sa iyo ni Jesus? Hilingin sa isang tao na manalangin kasama mo upang tanggapin ito ngayon.
- Mag-isip ng isang bahagi sa buhay mo kung saan kailangan mong makita hindi lamang ang mga nangyayari sa kasalukuyan mong sitwasyon, kundi higit pa dito. Ipanalangin ito at angkinin ang mga pangako ng Diyos.
- Isulat ang mga paraan kung paano mo maipapangaral ang ebanghelyo sa iyong kapamilya, kaibigan, at komunidad. Gawin ang kahit isa mga ito ngayong linggo.